# “Ang Muan Sweet Water ay Handog ng Pag-ibig ng Diyos”

**Rev. Dr. Samson Jacob ng Pakistan**
(Tagapagtatag at Pangulo ng Christ’s Commission Church International
at Katuwang na Misyonero ng Manmin Central Church)

Higit sa lahat, nagpapasalamat ako sa Diyos na nagbigay sa atin ng Matamis na Tubig ng Muan. Maraming mananampalataya sa Pakistan ang napagaling ng Muan Sweet Water. Ito ang nagsisilbing daan para aktibo kaming makapagministeryo doon.

Nahihirapan ako dahil sa malabong paningin at sa pananakit ng bukong-bukong sanhi ng diabetes at mataas na presyon ng dugo mula pa noong 2000. Bago ako pumunta sa Korea noong katapusan ng Hulyo, ang bukong-bukong ko ay namamaga at napakasakit talaga nito. Hindi ako makaluhod kapag nananalangin at ni hindi ako makalakad nang maayos. Subalit sinabi ko sa pamilya ko na gagaling ako sa pagbisita ko sa Korea. Siguradong-sigurado ako dahil bago ako umalis, nakita ko ang ulan ng pagpapala sa kuwarto ko habang nananalangin ako.



Dumating ako sa Korea at dumalo sa Retreat sa Tag-init ng Misyon ng Kalalakihan at Kababaihan na idinaos sa Deokyusan Resort, Jeonbuk mula Agosto 1 – 3. Dati ko nang nakita sa video ang mga tutubing naglilitawan at bumubugaw ng mga lamok. Dumadapo ang mga ito sa mga kamay, ulo, at mga balikat ng mga miyembro sa mga nakalipas na retreat sa Tag-init ng Manmin.

Malaking biyaya para sa akin na makadalo sa retreat na ito. May isang tutubing dumapo sa kamay ko at nagtagal dito ng dalawang oras. Tumanggap din ako ng panalangin ng isang pastor gamit ang panyo (Ang Mga Gawa 19:11-12) na pinanalanginan ni Dr. Jaerock Lee. Pagkatapos nito, hindi na ako nahihirapang lumakad.

Noong Agosto 4, daan-daang mga pastor at mga mananampalataya na nagmula pa sa ibang bansa ang bumisita sa lugar ng Muan Sweet Water sa Muan, Jeonnam. Ininom ko ang tubig at ipinahid sa mga mata ko. Noong sandaling iyon, may kagulat-gulat na nangyari. Naging normal ang malabo kong paningin! Kahit ang maliliit na letra ay nababasa ko na. Higit pa riyan, nakita ko ang mukha ni Dr. Lee na nakabukas ang espirituwal na mga mata, nang lumublob ako sa bukal ng Muan Sweet Water! Hindi ito kapani-paniwalang karanasan.

Si Heneral Naaman ay lumublob sa Ilog ng Jordan nang pitong beses ayon sa sinabi ng propetang Eliseo, pagkatapos ay gumaling siya. Gaya ni Naaman, gumaling din ako sa sampung taon kong sakit sa bukong-bukong matapos kong lumublob ng pitong beses. Nakakaluhod na ako kapag nananalangin at nakakalakad na nang maayos.

Isang araw, naghatid ako ng mensahe sa Karachi at John Nabard at nagpamigay ng Muan Sweet Water sa mga maysakit na dumalo. Idinalangin ko sila. Pagkatapos, may mga kagila-gilalas na nangyari doon: marami sa kanila ang gumaling. Gusto kong ikuwento ang patotoo na ibinahagi ng kapatid na Stephanie. Dati siyang pipi at bingi. Subalit nakadinig at nakapagsalita siya pagkatapos niyang uminom ng Muan Sweet Water! Umaapaw ang napakarami pang mga patotoo. Ang dakilang pagkilos ng Diyos ay nagpalakas ng loob namin para ipagpatuloy ang ministeryo.

Dagdag pa dito, ang mga miyembro ng International Evangelical Church na pinaglilingkuran ng Pastor Nawaz Behati na taga-Pakistan ay nagsigaling sa sakit ng ngipin, paglalagas ng buhok, at marami pang iba. Hallelujah!

Hindi lang iyan. Ang mga mananampalatayang Pakistani ay nanonood din sa GCN sa suporta ni Pastor Taesik Gil (Daejeon Manmin Church), kaya lumago nang lumago ang pananampalataya nila. Tumanggap ako at ang pamilya ko ng mapagmahal at dakilang pagpapala ng Diyos sa Linggong Pagsamba at Magdamag na Pagsamba Tuwing Biyernes ng Manmin Central Church sa pamamagitan ng GCN. Ito ay tunay na biyaya.

Ipinagmamalaki kong nakilala ko si Dr. Lee. Nakamit niya ang pandaigdigang misyon sa ebanghelyo ng kabanalan, at maaari na akong maglingkod bilang katuwang na misyonero ng Manmin Central Church. Ibinibigay ko ang lahat ng pasasalamat at luwalhati sa Diyos Ama dahil dinala Niya ako sa daan na puno ng mga biyaya.







Noong Agosto 4, bumisita sa lugar ng Muan Sweet Water ang tatlong daan at tatlumpung pastor at mananampalataya mula sa dalawampu’t siyam na bansa. Nagbigay ng patotoo si Rev. Dr. Samson Jacob habang nakaluhod at nakatayo.

## • MUAN SWEET WATER

Ang milagro sa mapait na tubig ng Mara na napalitan ng matamis na tubig (tubig na maaaring inumin) ay nakatala sa Exodo 15:25. Noong Marso 2000, ang milagrong nangyari sa Biblia ay nangyari rin sa tubig ng Muan Manmin Church. Dahil sa panalangin ni Dr. Jaerock Lee na lumalampas sa kalawakan at panahon, ang tubig-alat ay naging matamis at sariwa. Ito ay tinawag na ‘Muan Sweet Water’.

Ipinadala ang Muan Sweet Water sa FDA (Food and Drug Administration, ahensyang nangangasiwa sa pagsusuri ng pagkain at gamot), U.S. Department of Health and Human Services para sumailalim sa pagsusuri. Pinatunayan ng organisasyon na ang tubig ay mahusay na klase na puno ng mineral. At ang mas kagulat-gulat, sa pananampalataya nila, ang mga uminom at nagwisik ng Muan Sweet Water ay gumaling sa mga karamdaman nila at maraming mananampalataya ang nakamit ang mga hinahangad ng kanilang puso. Maraming tao ang patuloy na bumibisita sa lugar.

# “Gumaling ang Parkinson’s Disease ng Tatay Ko at Lumambot ang Dilang Naninigas”

**Kapatid na Acucichi Kazmi**
(Yamagata Manmin Church sa Japan)

Napakasaya ko sa mga araw na ito dahil sa pag-ibig ng Diyos. Noong nakaraang Hunyo, dahil sa Muan Sweet Water, gumaling ang nananakit na katawan ko na sanhi ng aksidente sa trapiko. Nawala ang pamumutla ko at muling nagkakulay ang mukha ko. Nawala din ang mga kulubot sa mukha ko na sanhi ng mga operasyon.

Kahit ang naninigas na dila ng tatay ko ay lumambot kaya nakakapagsalita na siya ulit pagkatapos niyang lumublob sa bukal ng Muan Sweet Water.

Nasuring may Parkinson’s disease ang tatay ko limang taon na ang nakakaraan. Ang katawan niya at dila ay nagiging matigas na. Kung minsan umaabot ng isang minuto bago niya masabi ang isang salita. Sinikap kong ipahayag sa kanya ang ebanghelyo at tulungan siyang tumanggap sa Panginoon. Pinakabitan ko ng ‘GCN satellite receiver’ ang bahay niya noong nakaraang taon para magkaroon siya ng pananampalataya sa pamamagitan ng panonood ng mga programa.

Nag-ayuno kami at naghandog ng pangakong panalangin para ihanda ang aming mga sarili sa paggaling ng tatay namin sa Retreat sa Tag-init ng Manmin. Sa pagpapala ng Panginoon, sabay na nakibahagi sa retreat ang tatay at nanay ko at tumanggap ng maraming pagpapala sa mga himalang ipinakita ng Diyos sa kanila. Kinabukasan, bumisita sila sa lugar ng Muan Sweet Water kung saan nagaganap ang mga makapangyarihang pagkilos ng Diyos. Sa wakas ay lumublob ang tatay ko sa bukal ng Muan Sweet Water. Dahil dito, nasasabi na niya nang malinaw ang gusto niyang sabihin.

Ang likod ng nanay ko ay medyo nakabaluktot at nangangapal na ang laman. Subalit nang maglublob sa Muan Sweet Water, ang problema sa kalamnan ay nawala at naging tuwid ang likod niya.



Ang Kapatid na Acucichi Kazmi (kaliwa), ang nanay niya na naging tuwid ang likod, at ang tatay niya na nakapagsalita nang mawala ang paninigas ng dila.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng “The Apostles' Creed” o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

“Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito.” (Ang Mga Gawa 17: 25)

“Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas.” (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
**Balitang Manmin**
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: www.manmin.org/english
Email: manminministry@gmail.com
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

**Balitang Manmin**
NO. 46 SETYEMBRE 18, 2011

# “Tunay na Kagulat-gulat ang Pagsamba, Panalangin at Papuri ng Manmin!”

## Personal na Naranasan ng mga Pastor mula sa Sri Lanka at Pakistan ang Ministeryo ng Manmin

Mula Hulyo 28 hanggang Agosto 15, bumisita sa Manmin Central Church ang mga pastor mula sa Sri Lanka at Pakistan para alamin ang ministeryo ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Sabi nila, “Napakalaking biyaya na personal na makita ang kapangyarihan ng Diyos sa pamamagitan ni Dr. Lee at maranasan ang makapangyarihang mga gawa, tanda, at himalang nabalitaan namin.”

Ang tatlong pastor na taga-Sri Lanka ay sina Rev. Nishan Cooray ng Colombo Manmin Church, Rev. Patrick Lawrence ng VICAR, St. Luke’s Church, at Rev. Angelo Pinto ng Wattala Foursquare Church. Ang taga-Pakistan ay si Rev. Dr. Samson Jacob, Pangulo ng Christ’s Commission Church International.

Nagpakita ng matinding suporta ang mga pastor na taga-Sri Lanka sa mga Seminar ng mga Pastor at mga Krusadang may Mahimalang Pagpapagaling sa pangunguna ni Pastor Taesik Gil sa Colombo, Sri Lanka noong Abril at Setyembre, 2010, at noong Mayo, 2011. Humanga sila sa ebanghelyo ng kabanalan na nakapagpapabago ng puso at sa kapangyarihan ng Diyos na ipinapakita sa mga panyo na ipinanalangin ni Rev. Dr. Lee (Ang Mga Gawa 19: 11-12).



Mula sa kaliwa: Joseph Han (Chennai Manmin Church, India), Rev. Dr. Samson Jacob (Pakistan), Punong Pastor Dr. Jaerock Lee, Rev. Nishan Cooray, Rev. Patrick Lawrence, at Rev. Angelo Pinto (Sri Lanka)

Noong Agosto 14, nagkaroon ng pagkakataon ang mga pastor na makausap si Dr. Lee. Ipinaalam nila ang hiling ng mga taga-Sri Lanka: “Maraming mga kababayan ang nakapanood ng video ng ‘The Power of God VI.’ Umaasa silang magkakaroon ng Krusada ng Pagkakaisa sa Sri Lanka na kasama kayo. Marami na ang nagparehistro bilang mga sangay na iglesya. Dumarami na rin ang mga iglesya na nagnanais na maging katuwang o kamanggagawa ng Manmin.” Pagkatapos, hiniling kay Dr. Lee na ipanalangin ang mga kaluluwa sa Sri Lanka.

Dumalo sila sa Linggong Pagsamba, Magdamag na Pagsamba Tuwing Biyernes, Pagsamba Tuwing Miyerkules, Pulong Panalanging Daniel, at Retreat sa Tag-init ng Misyon ng Kalalakihan at Kababaihan. Bumisita din sila sa lugar ng Muan Sweet Water. Pinasyalan din nila ang opisina ng Editorial Bureau na tumutulong kay Dr. Lee para mailathala ang mga libro niya sa napakaraming wika at maikalat ang ebanghelyo ng kabanalan sa pamamagitan ng ministeryo ng pagsusulat.

Lumabas din sila sa ‘Christian Today’, isang programa ng Manmin TV. Nagbigay sila ng mga patotoo at sinabing naitanim ng ministeryo ng Manmin ang kapangyarihang espirituwal sa mga pastor at mga mananampalataya sa Sri Lanka.

Nabanggit din na sinabi ni Rev. Patrick Lawrence ng VICAR, St. Luke’s Church, “Ang pagsamba, panalangin, at papuri ng Manmin ay kahanga-hanga. Nadama ko ang buhay na Diyos sa buong pagsamba, at nagalak ako habang nagpupuri. Nabagbag ang damdamin ko sa mga pastor at mga miyembro na walang patid ang pananalangin.”

Sinabi ni Rev. Angelo Pinto, “Maayos ang pagpapatakbo ng Manmin at mahusay ang samahan ng mga miyembro. Nadama ko ang pag-ibig ng Panginoon nang pagsilbihan kami ng mga miyembro nang buong puso. Kinunan ko ng video ang mga pagsamba, ang choir, ang mga pagtatanghal ng espesyal na grupo ng papuri, at ang retreat sa tag-init. Gusto kong gamitin ang mga natutuhan ko dito sa aking iglesya.”

May dalawampung milyon ang populasyon ng Sri Lanka. Mahigit sa 75% nito ay mga Buddhist at Muslim. Mabilis na kumalat ang ebanghelyo ng kabanalan at ang kapangyarihan ng Diyos dahil sa Balitang Manmin sa Tamil at Sinhala at sa mga libro ni Dr. Lee na isinalin sa wikang Ingles.

## “Bagong Espirituwal na Pagkilos sa Sri Lanka Dahil sa mga Krusadang May Mahimalang Pagpapagaling”



Rev. Nishan Cooray

Noong 2007, nabalitaan ko ang tungkol sa Manmin Central Church kay Pastor Joseph Han ng Chennai Manmin Church sa India at sa grupong pangmisyon ng Manmin Central Church. Pagkatapos, pinakinggan ko ang mga mensahe ni Dr. Lee at nakita ko ang ministeryo niya sa ibang bansa. Nang bumisita ako sa Chennai Manmin Church noong 2009, nakita ko ang makapangyarihang gawain doon. Nabagbag ang damdamin ko at humanga sa mga nakita ko. Nakatulong ito nang malaki sa ministeryo ko.

Samantala, noong Abril 2010, idinaos sa Colombo, Sri Lanka ang Unang Seminar ng mga Pastor at Krusadang May Mahimalang Pagpapagaling. Si Pastor Taesik Gil ang naging tagapagsalita (Daejeon Manmin Church). Tinalakay niya ang ‘Why is Jesus Our Only Savior?’ (Bakit Si Jesus ang Tanging Tagapagligtas Natin?). Nanalangin siya gamit ang makapangyarihang panyo. Nang sandaling iyon, ang mga pastor na dumalo ay nagsiluhod at nagsisi! Sa krusada, naganap din ang makapangyarihang pagkilos ng Banal na Espiritu. Lumayas ang masasamang espiritu at maraming karamdaman ang gumaling.

Noong Setyembre 2010 ang Ika-2 Seminar ng mga Pastor at Krusadang may Mahimalang Pagpapagaling ay idinaos sa Colombo at Ingiriya sa Sri Lanka sa hiling ng lokal na mga pastor. Tatlong daang mga pastor at manggagawa mula sa pitumpu’t pitong denominasyon at mga organisasyong pangmisyon ang dumalo. Niluwalhati ng marami sa kanila ang Diyos dahil gumaling ang mga karamdaman nila. Nagparehistro sila bilang sangay o katuwang na mga iglesya ng Manmin Central Church. Nakita ko na nagkakaisa sila sa puso.

Noong May 2011, ang Ika-3 Krusadang may Mahimalang Pagpapagaling ay idinaos sa Raddolugama Community Hall, Wattala Hendala Provincial, Ramada Hotel Colombo, at Horana Town Hall. Naganap ang maalab na pagkilos ng Banal na Espiritu, at maraming mga Muslim at Buddhist ang tumanggap sa Panginoon at naging Cristiano.

Ipinagkaloob ng Diyos ang dakilang pagpapala Niya sa buhay ko. Hinimatay ang asawa ko dahil sa pagdurugo ng utak niya, kaya inoperahan siya para tanggalin ang namuong dugo. Sinabi sa akin ng doktor na mababa pa sa 10% ang pag-asa niyang gumaling at baka ma-coma siya at habambuhay na maging paralisado mula sa baywang pababa. Ipinadala ko ang litrato niya kay Dr. Lee para ipanalangin siya kahit nasa malayong lugar nang dalawang beses. Mabilis na gumaling ang asawa ko. Lumabas na siya ng ospital at ngayon ay tinatamasa ang mabuting kalusugan.

Ibinibigay ko ang lahat ng pasasalamat at luwalhati sa Panginoon na nagpakilala sa akin sa ministeryo ng Manmin.

# Tumatakbo Kami nang May Pananampalataya

"At kung walang pananampalataya ay hindi maaaring kalugdan ng Diyos, sapagkat ang sinumang lumalapit sa Kanya ay dapat sumampalatayang may Diyos at Siya ang tagapagbigay-gantimpala sa mga masigasig na humahanap sa Kanya."
(Sa Mga Taga-Hebreo 11:6)

Marami sa inyo ang nagsisitakbo na may pananampalataya sa loob ng ilang taon, sampung taon, o kahit mahigit sa dalawampung taon na. Inaalagaan ninyo para sa kaharian ng Diyos ang sarili sa ginagawang pagdidisiplina. Habang ang inyong mga kaibigan at kasamahan ay sumusunod sa makamundong kasiyahan, nagsisimba kayo at nagboboluntaryo sa mga gawain at ginagamit ang oras para sa pagpapakalat ng ebanghelyo at pagbibisita sa mga miyembro ng iglesya. Sa halip na gumastos at mag-ipon para sa sarili, nasisiyahan kayo sa pagbibigay ng mas higit pa para sa Diyos.

Sa Biblia may makikita tayong mga ama na nag-alay ng mga bagay na mahalaga sa kanila nang may kagalakan. Tiniis nila ang malulupit na pag-uusig, pagpapahirap at pati na ang pagiging martir. Dahil nagtiwala sila sa buhay na Diyos na Manlilikha na magbabalik sa kanila ng luwalhati, ayon sa mga ginawa nila. Katumbas ng paniwala nila, tumanggap sila ng hindi maipaliwanag na kaluwalhatian mula sa langit na kasama ng walang hanggang buhay.

Nais ng Diyos na ipagkaloob din sa mga sumasampalataya ang walang hanggang buhay at ang Kalangitan na nakamit nila. Tatalakayin ko ngayon ang tatlong aspeto ng mga biyaya na ibinibigay ng Diyos sa mga tumatakbo na may pananampalataya.


Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

### Una, tumatanggap sila ng espirituwal at materyal na mga biyaya

Sa oras na tanggapin ninyo ang Panginoon at ang Banal na Espiritu, mamahalin na ninyo ang Diyos. Kung mahal ninyo ang Diyos, gugustuhin ninyong sundin ang kalooban Niya.

Bago ko makilala ang Diyos, nagdusa ako sa maraming klaseng karamdaman sa loob ng pitong taon. Kahit ang pamilya ko ay tinalikuran ako. Hinihintay ko na lang ang kamatayan ko. Pagkatapos, dumating sa buhay ko ang Diyos at pinagaling ang lahat ng sakit ko. Noong una kong nakilala ang Diyos, hindi ko masabi sa salita ang pag-ibig at pasasalamat ko. Mula noon, ang Diyos ang naging lahat sa akin. Gusto ko lang mabuhay para sa Diyos. Gusto kong malaman kung ano ang gusto ng Diyos at maalab ang pagnanais kong sundin ang kalooban Niya.

Nanabik ako sa salita ng Diyos at natutuhan ko ito sa pagdalo ko sa maraming pagtitipon para sa pagbabagong buhay. Sinunod ko ang bawat salitang natutuhan ko. Kung hindi ko kaagad nasunod ito, isusulat ko ito sa 'notebook' at nanangis sa pananalangin para matupad ko ito.

Habang sumusunod ako, napupuspos ang kaluluwa ko, ang lahat ng bagay ay nagiging maayos, at ang mga dalangin ko ay sinasagot Niya. Dahil nauna na akong makaranas ng ganitong mga bagay, tinuruan ko rin ang iba na palaging sumunod sa salita ng Diyos na may pananampalataya. Dahil dito, ang mga mananampalatayang sumusunod sa mga utos ng Panginoon ay mayroon nang umaapaw na patotoo ng pagtanggap ng mga biyayang pinansyal, kalusugan, biyaya sa trabaho at tahanan, at tumatanggap ng sagot sa iba't ibang minimithi ng puso.

Upang mas lalong maging matatag ang pananampalataya ninyo, kailangan ninyong sundin ang kalooban ng Diyos nang 100%. Katumbas nito, ipapakita ng Diyos kung gaano Niya kayo kamahal at bibigyan kayo ng mga biyaya. At makakapagpatotoo kayo araw-araw tungkol sa pagkilos ng Diyos na sumasagot sa lahat ng mga natatagong naisin ng puso at ginagawang posible ang imposible.

### Pangalawa, umaapaw ang pag-asa nila sa Langit.

Ang mga mayroong pananampalataya ay hindi tumitingin sa yaman at aliw ng mundo dahil batid nila kung ano ang tunay na mahalaga. Hindi nila ginagamit ang panahon nila sa pagkamal ng yaman at papuri sa mundo at sa pagpapasasa. Sa halip, namumuhunan sila sa makalangit na mga bagay at gantimpala. Kahit na tumatamasa kayo ng napakaraming mabubuting bagay sa maiksing buhay ninyo sa mundo, parang panaginip lang ito na maglalaho. Walang matitira sa inyo kahit mag-ipon kayo dahil parang kastilyong buhangin ito na mawawala kapag inabot ng alon.

Kahit sabihin ng Diyos na iwaksi natin ang kasalanan at alam ninyong kailangan itong iwaksi, mayroon pa ring kasalanan na mahirap iwaksi dahil ito'y parang mahalaga. O kaya, iniisip ba ninyong, "Bata pa naman ako. Gusto ko munang mag-aliw sa buhay ko"? Isipin ninyo kung ano ang mas mabuting pagpili sa pagitan ng pansamantalang buhay sa mundo at walang hanggang buhay sa langit. Ang pinakamatinding kasiyahan, kagalakan, kaluwalhatian at kagandahan na hindi maipapaliwanag ninuman ay walang hanggan sa Langit.

Habang lumalago ang pananampalataya ninyo, lumalaki din ang pag-asa ninyo sa kaharian sa langit. Malalaman ninyo na walang saysay ang makamundong pagnanasa, kaya aayawan na ninyo ang mga bagay na may kinalaman sa kasalanan at kadiliman na nasa puso ninyo. Madadama ng mga namumuhay nang may ganitong pananampalataya ang kagalakang mula sa Langit kahit nasa mundo pa sila gaya ng nakasulat sa Lucas 17:21. Tatanggapin ninyo ang kahit anong hilingin, at kayo ay sasagana, kaya ang mga labi ninyo ay mapupuno ng papuri at mga patotoo.

### Pangatlo, tatanggap sila ng mga gantimpala sa Langit.

Anuman ang gawin ninyo para sa Panginoon sa mundong ito, ibabalik Niya sa inyo bilang gantimpala sa Langit. Ang mga panalangin at hiling para sa kaharian ng Diyos, ang pagsisikap sa pagpapahayag ng ebanghelyo at pangangalaga sa mga kaluluwa, pagboboluntaryo sa mga gawain, pinansiyal na kaloob para sa santuwaryo at mga gawaing pangmisyon, at kahit ang pagpulot ng maliit na basura sa iglesya ay hindi malilimutan ng Diyos.

Subalit ang dapat pa rin ninyong tandaan ay kailangan ninyong linisin ang puso ninyo. Ang pagwawaksi ng mga kasalanan at paglilinis ng puso ay hindi ninyo gantimpala. Subalit kapag malinis ang puso ninyo, ang gantimpala ay maiiba, kahit pareho pa rin ang paglilingkod na ginagawa ninyo. Ang ningning ng mahahalagang bato at ang luwalhati sa Langit ay maiiba. Dahil ito sa kaibahan ng samyo na nagmumula sa pusong naglilingkod. Kung iba ang samyo, iba rin ang bunga. At kung naglilingkod kayo sa Diyos pero nagrereklamo at nakikipag-away, hindi ito gagantimpalaan. Dahil hindi ninyo ito ginagawa nang may pananampalataya.

Kaya umaasa akong pagsisikapan ninyong linisin ang mga puso ninyo, at mas magiging tapat sa pananampalatayang nakatuon sa Diyos na nagkakaloob ng gantimpala. Ang panahon na ibinigay sa inyo sa mundong ito ay hindi gaanong mahaba. Tumatakbo kayo sa takbuhin ng pananampalataya, subalit hinihimok ko kayong mas magmadali pa at huwag nang magpahinga.

Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na matatapos ninyo ang mabuting pakikipaglaban at makakapaghandog ng mga papuri at pasasalamat magpakailan man sa inyong tahanan sa Bagong Jerusalem,

**Surprise!**

Pagmasdan ninyo ang mga litratong kuha ng mga miyembro ng Manmin sa mga cellphone nila sa Retreat sa Tag-init ng 2011.
Hanapin ninyo ang iba't ibang imahe na natatago sa magagandang liwanag. Hindi ba't mahiwaga at marilag ang mga ito?








## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras
Sampaloc, Manila, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, philippines
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub.
Bayan Luma 7, Imus Cavite, Philippines
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City Cebu, Philippines
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Philippines
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714




Sesyon ng Pag-aaral sa pangunguna ni Pastor Soojin Lee


Sesyon ng Pag-aaral sa pangunguna ni Pastora Heesun Lee


Golden Bell Bible Quiz ng mga Estudyante ng Manmin


Paligsahan sa Papuri ng mga Estudyante ng Manmin


Palaro para sa mga Estudyante ng Manmin


Papuri at Pagsamba sa Campfire

# "Lalong Gumanda ang mga Estudyante ng Manmin"

Ang mga estudyante ng Manmin ay lumalago sa pagiging espirituwal na mga mandirigma sa dakilang pag-ibig ng Diyos, ang Panginoon at ang pastol. Sila ay naghahanda na makamit ang pangarap at pangitain para sa kaharian ng Panginoon na walang hanggan ang posibilidad at espirituwal silang nananabik, kasing sigasig ng mga nakakatandang mga miyembro. Ang mga estudyanteng tagapag-ulat ng Balitang Manmin ay naghatid ng iba't ibang balita tungkol sa Retreat sa Tag-init ng mga Estudyante na napuspos ng pagpapala at emosyon.

Saloobin ng mga Estudyante

"Nagboluntaryo ako sa retreat para makaipon ng gantimpala sa Langit. Napukaw ang damdamin ko dahil sa mga miyembro na tapat na naglingkod, iisa ang puso nila sa pagsunod at may galak sila kahit sa mahihirap na situwasyon. Tatlong magkakasunod na taon na kaming sumasali ng kapatid ko sa Retreat sa Tag-init ng mga Estudyante. Galing kami sa Amerika. Dama ko ang napakabilis na pagkilos ng espiritu sa malaking pagbabago ng mga estudyante. Inaabangan ko na ang retreat sa tag-init sa susunod na taon."

Kapatid na Sieun Gwon
(New Jersey Manmin Church, taga-U.S.)

Saloobin ng mga Estudyante

"Naiinip ako dati sa Pagsamba, pero ngayon ang salita ng Diyos na ipinapangaral sa mga pananambahan ay parang matamis na pulot para sa akin. Umaapaw ang kaligayahan sa puso ko habang nakikita at naririnig ang tungkol sa kabutihan. Sa araw-araw kong pananalangin, hindi na ako nayayamot, at nagustuhan ko na ang mga kaibigan na dati kong kinakainisan. Hindi na ako nakikipagdaldalan at natutulog sa pagsamba, kundi sumasamba sa espiritu at katotohanan."

Kapatid na Yeeun Lee
(ika-10 baitang)

Saloobin ng mga Estudyante

"Habang nadarama ko ang pag-ibig ng Panginoon mula sa kaibuturan ng puso ko sa Mini Divine Healing Meeting (Maliit na Pagtitipon na may Pagpapagaling), huminto na ako sa panonood ng TV at sine. Mas pinagtutuonan ko na ngayon ang pag-aaral kaya tumaas ang mga marka ko. Gusto kong maging isang advertisement designer (tagadisenyo ng mga patalastas) para epektibo kong mailathala ang ating iglesya sa buong mundo. Nagpapasalamat ako sa mga magulang ko at kay Punong Pastor Dr. Jaerock Lee na idinalangin ako na may kasamang pagluha."

Kapatid na Heeseob Shin
(ika-11 baitang)

## Magmula nang Ibinalik ng Diyos ang Nabali kong Collarbones...

**Kapatid na Euijin Moon** (Kapatid na Euijin Moon)

Magmula noong makibahagi ang Kapatid na Euijin Moon sa 2011 Retreat sa Tag-init pagkatapos niyang gumaling sa nabaling collarbones, ang retreat ay mas naging espesyal para sa kanya dahil sa mga hindi malilimutang alaala. Sumali siya sa Golden Bell Bible Quiz (tagisan ng talino tungkol sa Biblia) at Palaro. Tumanggap siya ng maraming pagpapala sa Holy Spirit's Fullness Prayer Meeting (Pulong Panalangin na Puspos ng Banal na Espiritu) at mga sesyon tungkol sa pag-aaral.

Nais kong ikuwento sa inyo ang patotoo niya. Noong Hunyo 6, habang naglalaro ng soccer, nabali ang collarbones niya nang mabuwal siya dahil sa pagsunggab ng isang miyembro ng kalabang koponan. Nangyari ito sa isa sa mga unang labanan ng Palaro para sa mga Estudyante ng Manmin. Kinailangan siyang operahan, subalit hindi ito nangyari. Sa halip ay umuwi siyang may inilagay lang na proteksiyon sa nabaling buto niya. Noong araw na iyon, umiyak siya habang nagsisisi sa Daniel Prayer Meeting. Biglang nawala ang pananakit. Niluwalhati niya ang Diyos sa patotoo niya sa Pinakaunang Espesyal na Pagtitipon na may Banal na Pagpapagaling noong Hunyo 10.

Noong Hunyo 12, habang dumadalo sa Mini Divine Healing Meeting, nadama niya ang pagmamahal ng Punong Pastor, na palaging umuunawa at nag-aalaala sa mga estudyante. Nagsisi siya habang iniisip, 'Bakit kaya hindi ko magawang magmahal katulad ng pastor at mamuhay nang may maalab na pananalig?' Pagkatapos, tumanggap siya ng araw-araw na pananalangin ni Dr. Lee para sa mga may sakit. Mabilis ang kanyang paggaling at ang mga baling buto niya ay umayos.

Umaasa na ngayon ang Kapatid na Euijin sa Makapangyarihang Diyos Ama na nagpagaling ng mga baling buto niya. Taimtim siyang nananalangin at pinapalakas ang sarili sa salita ng Diyos. Sinisikap din niyang magbigay ng kagalakan sa pastor.

(Iniulat ng Kapatid na Heeae Moon, ika-10 baitang)

## "Pangatlo Ako sa mga Nanalo sa Golden Bell Bible Quiz ng mga Estudyante ng Manmin"

**Kapatid na Jihee Park** (ika-11 baitang)

Nanalo ng ikatlong gantimpala ang Kapatid na Jihee Park sa pinakaunang Golden Bell Bible Quiz ng mga Estudyante ng Manmin. Punung-puno ng biyaya mula sa Diyos ang buhay niya mula nang talikuran ang mga kasalanan niya at nagbago.

Mula noong nasa ika-6 na baitang pa lang ay nakikipag-boyfriend at girlfriend na si Jihee. Kaya pumapalya siya palagi kapag Araw ng Panginoon. Nagsisimba lang siya dahil pinipilit siyang pumunta ng nanay niya. Ang perang pang-kaloob ay ginagastos niya kung saan niya gusto. Inaantok o natutulog pa siya sa mga pagsamba. Kung minsan natatakot siya dahil naiisip niya, 'Ano kayang mangyayari sa akin kung dadating ngayon ang Panginoon?' Gayon pa man, nakipagkasundo pa rin siya sa mundo.

Noong nakaraang taon, sumama siya sa 2010 Retreat sa Tag-init. Dahil sa mga mensaheng ibinahagi ni Pastora Heesun Lee, nabatid niya na hindi siya maaaring magpatuloy sa ganoong buhay. Kaya nagsisi siya, nanalangin at nagpasalamat. Pero nagpabaya ulit siya, at hindi nagtagal, huminto na siya sa pananalangin.

Isang araw ng Linggo, napaiyak siya habang kumakanta ng 'Holy Spirit in Me' (Ang Banal na Espiritu sa Akin). Nang sandaling iyon, ang mga mensahe sa mga pagsamba at ang mga luha ng Punong Pastor para sa mga hindi namumuhay ayon sa salita ay bumagbag sa puso niya. Nagpasiya siyang magbabago na.

Nalulungkot siya kapag nakikita niyang umiiyak ang Punong Pastor Dr. Lee sa Mini Divine Healing Meeting. Dati, natatakot siya sa Diyos. Subalit nang madama niya ang pagmamahal ng Punong Pastor, naranasan na niya ang pag-ibig ng Panginoong Diyos. Sinabi niya, "Mula ngayon, espirituwal akong nasasabik at umaasang makakapasok sa Bagong Jerusalem sa magandang pagsasabuhay ng aking pananampalataya."

(Iniulat ng Kapatid na Jihae Seong, ika-11 baitang)

Mga Estudyanteng Tagapag-ulat: Sion Kim, Heeae Moon, Haerim Park, Jiyeong Lee, Hanbin Lee, Jihae Seong, Hayoung Chae, Haeun Hong